COVID-19 VACCINE
Public Health Advice

# Ang iy-ong mga booster sa Covid-19

para sa mga tao na edad 50 at pataas at mula 16 hanggang 49 na may kondisyong pangkalusugan o mahinang resistensiya

Inilathala ng HSE noong 19 Disyembre 2022

Bersyon 3

Rialtas na hÉireann
Government of Ireland

**Ang impormasyong ito ay para sa mga taong:**

- 50 taong gulang o mas matanda pa
- may edad na 16 hanggang 49 na may kondisyong pangkalusugan na naglalagay sa kanila sa mataas na panganib ng malalang sakit kung sila ay magkaroon ng COVID-19 (kabilang ang mga taong mahina ang resistensiya) o nakatira sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga

## Bakit kailangan kong magpaturok ng isa pang bakunang pang-COVID-19?

Mahalagang manatiling up-to-date sa iyong mga bakunang pang-COVID-19, **kahit na nabakunahan ka na o nahawa ka na ng COVID-19. Ito ay dahil sa:**

- ang proteksyon na galing sa iyong naunang mga bakuna o ang protekyson na nakuha mo noong nagkasakit ka ng COVID-19 ay maaring humina sa paglipas ng panahon
- maaring ikaw ay nasa mas mataas na pangnanib para sa malalang karamdaman kapag nahawa ka ng COVID-19

Ang mga booster ay nakakapagpataas ng iyong proteksyon laban sa COVID-19. Kung wala nito, ikaw ay nasa mas malaking panganib sa pagkakaroon ng malubhang sakit kapag nahawa ka ng COVID-19.

## Ilang mga dose ba ng bakunang pang-COVID-19 ang dapat kong matanggap?

Inirerekomenda ng National Immunisation Advisory Committee (NIAC) na:

- dapat ay nakatanggap ka na ng iyong unang round ng bakunang pang-COVID-19 (ito ay kadalasang 2 dosis maliban sa mga taong nakatanggap ng solong dosis ng bakunang pang-COVID-19 na Janssen). Kung nakompromiso ang iyong resistensiya (mahina ang sistemang immuno), dapat ay mayroon kang karagdagang dosis bilang bahagi ng iyong pangunahing kurso
- dapat ay makatanggap ka na ng yong unang dpsis ng booster
- ito ay dapat masundan ng pangalawang dosis ng booster
- kung ikaw ay edad 65 taong gulang at pataas o nakompromiso ang resistensiya (mahina ang sistemang immuno), maaari ka na ngayong makatanggap ng pangatlong dosis ng booster
- kung ikaw ay nasa edad  16 hanggang 64 na may umiiral na kondisyon sa kalusugan, at hindi ka nakatanggap ng iniangkop na bakuna sa COVID-19, maaari kang makakuha ng pangatlong booster na isang iniangkop na bakuna. Makikita mo ang impormasyon tungkol sa mga iniangkop na bakuna sa susunod na pahina.

## Kailan ako dapat magpa-booster?

Ikaw ay dapat magpa-booster ng hindi bababa sa 4 na buwan pagkatapos ng iyong huling bakuna pang-COVID-19.

Kung ikaw nagkasakit ng COVID-19, ikaw ay dapat maghintay ng hindi bababa sa 4 na mga buwan pagkatapos lumabas ng iyong mga sintomas o pagkatapos mong mag-positibo bago mo kunin ang iyong booster.

## Aling bakuna ang iaalok sa akin para sa aking booster?

Tatlong inangkop na mRNA na bakunang pang-COVID-19 ang inirekomenda bilang mga dosis ng booster ng National Immunization Advisory Committee (NIAC) sa Ireland, alinsunod sa pag-apruba ng European Medicines Agency (EMA). Ang mga bakunang ito ay:

- Comirnaty® BA.1 ( bakuna ng Pfizer )
- Comirnaty® BA.4-5 (bakuna ng Pfizer )
- Spikevax® BA.1. (bakuna ng Moderna)

Bagama't ang lahat ng nakaraang bakuna ay nagaalok ng proteksyon laban sa COVID-19, ang mga inangkop na bakuna ay inaasahang magbibigay ng mas malawak na proteksyon laban sa mga uri ng COVID-19.

## Ano ang alam natin tungkol sa kaligtasan ng mga booster?

Mayroon tayong mas kaunting impormasyon ukol sa kaligtasan ng pangalawa at mga sumunod na COVID-19 booster. Gayunpaman, maraming bansa ang nakapagbigay na sa kanilang mga populasyon ng maraming dosis ng bakunang pang-COVID-19. Pinapakita ng mga pag aaral na wala pang anumang hindi inaasahang alalahanin sa kaligtasan sa ngayon para sa mga taong nakatanggap na ng maraming booster.

Inaasahan na ang kaligtasan ng mga inangkop na bakuna ay magiging katulad ng mga naunang bakuna. Ang kaligtasan ng mga bakuna ay patuloy na susubaybayan ng EMA.

Ang lahat ng inangkop na bakuna ay naglalaman ng Trometamol kung hindi mo ito maaaring makula kung nagkaroon ka na ng anaphylaxis (malubhang reaksiyong alerhiya) sa Trometamol.

## Ang mga bakunang booster ba ay lisensyado ng European Medicines Agency (EMA)?

Ang pangalawa aot mga sumunod na booster ng mRNA na bakuna ay hindi pa naaprubahan ng EMA. Gayunpaman, ang EMA at ang European Centre for Disease Control (ECDC) ay nag-isyu ng tagubilin na ang pangalawang booster ng mRNA na bakunang pang-COVID-19 ay maaaring ibigay sa mga edad 60 o pataas at sa mga taong may kondisyong sakalusugan na naglalagay sa kanila sa mataas ng pangangib sa sakit, dahil ang pangalawang booster na magbibigay ay kanila ng mas maiging proteksyon.

Ang mga rekomendasyon ng NIAC ay pwedeng mag-iba sa rekomendasyon ng EMA dahil sa lokal na datos at mga konsiderasyon. Sa Ireland, sinusunod natmin ang payo ng NIAC.

## Maari bang kumuha ng bakunang pang-COVID-19 kasabay ng bakunang pang-trangkaso?

Oo. Kung ikaw ay nakatakdang kumuha ng bakunang pangtrangkaso, maaari mong isabay ang pagkuha ng kahit anong bakunang pang-COVID-19.

## Higit pang impormasyon

Maaring magbasa ng higit pa sa **hse.ie/covid19vaccine o tawagan ang aming koponan sa HSELive on 1800 700 700**. Sila ay bukas mula 8am hanggang 8pm Lunes hangang Biyernes at 9am hangang 5pm ng Sabado at Lingo.

Maaari ring kausapin ang iyong GP, nars, parmasyotiko o tagabigay ng bakuna.

**Inilathala ng HSE noong 19 Disyembre 2022**

**Bersyon 3**

Rialtas na hÉireann
Government of Ireland